7

# Gawaing Pampagkatuto sa Values Education

Kuwarter

Linggo 4

ONE NCR STRONGER TOGETHER

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education 7**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Josephine G. San Gabriel |
| **Tagasuri:** | Edita T. Olan |
| **Tagaguhit:** | Jeewel L. Cabriga |
| **Tagalapat:** | Alan E. Medenilla, Patricia Ulynne F. Garvida |
| **Enhanced by:** | Loreta L. Salvador |
| **External Content Validator:** | Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez |
| **External Language Validator:** | Corazon G. Are |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105
Telefax: (02) 85229412
Email Address: ncr@deped.gov.ph

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Asignatura* | Values Education | *Markahan* | 1 |
| *Linggo* | 4 | *Araw* | |
| *Pamagat/Paksa ng Aralin* | **Sariling Pananampalataya sa Diyos** | | |
| *Pangalan* | | *Baitang at Seksiyon* | 7 |


***Gawain Blg:*** **1**
*Pamagat/Paksa ng Gawain:* **Sariling Pananampalataya sa Diyos**
*Layunin:* Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang matutuklasan ang sariling pananampalataya
*Kagamitang Kailangan:* **Larawan ng iba't ibang relihiyon**
*Laang-Panahon:* **5 minuto**

**Panuto:** Buuin ang salita gamit ang Talahanayan, Hanapin ang letra na katapat ng numero upang mabuo ang salita na nasa larawan. (5 minuto)

Hal. 16 A M 9 12 25 A = P A M I L Y A


| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | A | 14 | N |
| 2 | B | 15 | O |
| 3 | C | 16 | P |
| 4 | D | 17 | Q |
| 5 | E | 18 | R |
| 6 | F | 19 | S |
| 7 | G | 20 | T |
| 8 | H | 21 | U |
| 9 | I | 22 | V |
| 10 | J | 23 | W |
| 11 | K | 24 | X |
| 12 | L | 25 | Y |
| 13 | M | 26 | Z |

1. 11 R 9 19 T 25 1 N 9 19 13 15



Sagot: ________________

2. 9 19 L 1 13



Sagot: ________________



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

3. 2 U 4 D 8 I 19 M 15



Sagot: ________________

4. 20 A 15 9 S 13 15



Sagot: ________________

5. 3 O 14 6 U 3 9 1 N 9 S 13 15





Sagot: ________________



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **2** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Sariling Pananampalataya sa Diyos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang maibibigay ang kahulugan ng pananampalataya. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Worksheet** |
| *Laang-Panahon:* | **5 minuto** |

**Panuto:** Gamit ang graphic organizer, isusulat ng mag-aaral ang kahulugan ng pananampalataya. (5 minuto)






Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **3** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Sariling Pananampalataya sa Diyos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang mauunawaan ang pagkakaroon ng pagpapahalaga sa pananampalataya |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Kopya ng kwento** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

**A. Panuto:** Basahin at unawain ang kwento. (5 minuto)

**Ang Mag-asawang Lustre**

May kaya sa buhay ang mag-asawa na sina Benjamin at Karen. Nagkaroon sila ng apat na anak na sunod-sunod. Masaya ang kanilang pamilya.Isang araw nagpasya ang pamilya Lustre na magbakasyon sa probinsya, hindi nakasama si Benjamin dahil sa pagiging abala nito sa negosyo

Tuwang-tuwa ang mag-iina habang sila ay bumibyahe sa sasakyan. Nagkakantahan at nagbibiruan, walang patid ang kanilang kasiyahan sa byahe. Subalit sa hindi inaasahan pangyayari, nabunggo ang kanilang sinasakyan, namatay ang driver at apat na anak nito. Lungkot na lungkot ang mag-asawang Benjamin at Karen. Minsan, natanong ni Karen sa Diyos na "bakit kinuha ang kanilang mga anak, sana daw siya na lang ang kinuha". Subalit sinabi ni Benjamin kay Karen na manalig at magtiwala siya sa Diyos sapagkat lahat ng bagay ay may dahilan kung bakit nangyayari ang mga bagay-bagayPaglipas ng panahon, sa pananampalataya at pananalig nina Benjamin at Karen sa Diyos, nabiyayaan sila ng tatlong anak. Gayunman, namatay ang pangalawang anak nila dahil sa matinding karamdaman. Hindi na gaanong sakit ang naramdaman ng mag-asawang Benjamin at Karen dahil sa lakas ng kanilang tiwala at pananalig sa Diyos.

**B. Panuto:** Pagsunud-sunurin ang pangyayari. Lagyan ng Bilang 1-5 ang bawat patlang batay sa pagkasunud-sunod na pangyayari. Sagutin ang mga tanong. (10 minuto)

_____A. Namatay ang apat na anak ng mag-asawang Lustre.
_____B. Nagplano ang pamilyang Lustre na magbakasyon
_____C. Muling nagkaanak ang mag-asawang Benjamin at Karen ng tatlo
_____D. Pinatatag ang mag-asawa ng kanilang pananampalataya sa kabila ng pagkamatay ng kanilang apat na anak.
_____E. Nalungkot si Karen at nagtatanong kung bakit kinuha ng Diyos ang apat niyang anak.

**Mga Tanong:**

1. Anong pagsubok ang dumating sa buhay ng mag-asawang Lustre?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Paano nalagpasan ng mag-asawa ang mga pagsubok na dumating sa kanilang buhay?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Kung kayo ang nasa katayuan ng mag-asawang Lustre, paano ninyo ito malalagpasan? Ipaliwanag.
   ______________________________________________
   ______________________________________________

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **4** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Sariling Pananampalataya sa Diyos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang matutuklasan ang mabuting naidudulot ng pananampalataya sa tao. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Kopya ng kwento** |
| *Laang-Panahon:* | **5 minuto** |

**Panuto:** Basahin ang kwento at unawain. (5 minuto)

**Ang Ama at ang Binata**

May isang pamilya na namumuhay ng tahimik at masaya,Isang araw pumanaw ang ina ng tahanan dahil sa malubhang sakit.Sinikap ng ama na mabigyan ng magandang buhay ang anak sa kabila ng kanilang pagdadalamhati.Pinilit mapagtapos ng ama ang nag-iisang anak.

Bago ang araw ng pagtatapos ng anak sa kolehiyo sa kursong panggagamot masayang ibinalita nito sa ama na siya ay *Summa Cum Laude* sa mga magtatapos. Ngunit ang tuwa ng ama ay napalitan ng lungkot sa balitang umabot sa kanya.

Ang anak nito ay nasaksak ng tatlong beses sa dibdib habang papauwi ito sa kanilang bahay na mabilis nitong ikinamatay. Nalungkot nang sobra ang ama dahil sa sinapit ng kaisa- isa nitong anak.Ang nag-iisang taong karamay niya mula ng mamatay ang kanyang asawa ay iniwan na rin siya.

Hindi nagtagal, nadakip ng mga pulis ang binatilyong pumatay sa kanyang anak. Nalaman ng ama na kaklase pala nito ang pumatay sa kanyang anak na hindi kasali sa mga magtatapos dahil sa pagpapabaya sap ag-aaral.

Sa tinagal-tagal nang paglilitis, sa wakas ang binata ay nahatulan ng habang-buhay na pagkakabilanggo. Sa araw ng paghatol na iyon, nagharap ang ama at ang binata na hinatulan. Tinanong ng ama ng biktima kung bakit niya nagawa na patayin ang kaisa-isa niyang anak.Umiiyak ang binata at nagsisisi sa kanyang ginawang kasalanan at sinabing handa na siyang pagbayaran ang kanyang ginawa.

Humingi ng tawad ang binata sa ama ng biktima at sinabi na kaya lamang niya nagawa ang krimen ay dahil sa sobrang inggit na sa kabila na hindi kumpletong pamilya ay masaya ito at nakukuha pa rin ang gusto.Hindi katulad niya na kumpleto ang pamilya subalit hindi niya naramdaman ang pagmamahal at halaga niya bilang isang anak.Umiyak din ang ama ng biktima at sinabing……"Pinatatawad na kita sa ginawa mong kasalanan, nawa'y maging matatag ka sa haharapin mong buhay, magsisi ka sa iyong mga kasalanan at manalig ka sa Diyos na ikaw ay pagbaguhin at bigyan ng isa pang pagkakataon."Lalong napaluha ang binata……..

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang inyong naramdaman sa kwento na inyong nabasa? Ipaliwanag
2. Paano pinatatatag ng isang ama ang kanyang damdamin nang makaharap niya ang salarin?
3. Kung kayo ang nasa katayuan ng isang ama, mapapatawad ninyo rin ba ang taong pumatay sa iyong anak? Bakit?



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **5** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Sariling Pananampalataya sa Diyos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawaing ito, inaasahang matutuklasan ang mga kahalagahan ng pananampalataya sa pagharap sa mga hamon sa buhay. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Kopya ng sitwasyon** |
| *Laang-Panahon:* | **5 minuto** |

**Panuto**: Suriin ang sitwasyon.Isulat kung ano ang gagawin sa bawat sitwasyon.

1. May pagsusulit ka kinabukasan, napagod ka maghapon dahil may sakit ang iyong ina. Gusto mo nang magpahinga pero hindi mo magawa. Sa halip, nag-aral ka at sinamahan mo ng dasal.Tama ba ang ginawa mo? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Niyaya ka ng kaklase mo na sumama sa kanila na mag-*picnic,* araw ng linggo ito magaganap, alam mo na araw ng pagsamba ito ng iyong pamilya.Tumanggi ka sa pagsama sa kanila.Tama ba ang naging pasya mo? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Araw-araw kang pumapasok sa kabila na may mga kaklase ka na lagi kang inaasar at iniinsulto, gabi-gabi kasama mo sila sa iyong pagdarasal sa Diyos na nawa'y tigilan ka na ng mga ito sa kanilang ginagawang pambu-*bully* sa iyo.Tama ba ang ginawa mo? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Mahirap ang iyong pamilya dahil walang permanenteng trabaho ang iyong ama,ang iyong ina naman ay may kapansanan kaya hindi nakakapagtrabaho.Minsan pumapasok ka na walang baon at walang laman ang tiyan.Sa kabila ng ganitong sitwasyon, hindi ka nawawalan ng pag-asa at tiwala sa Diyos.Tama ba ang iyong naging pananaw? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Mahal na mahal mo ang iyong lola dahil ito ang nag-alaga at nagpalaki sa iyo pero sumakabilang buhay na ito, pakiramdam mo naulila ka at nasaktan pero sa kabila nito tinanggap mo na ang buhay ay may hangganan at ito'y kalooban ng Diyos.Tama ba ang naging reaksyon mo? Ipaliwanag.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **6** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Sariling Pananampalataya sa Diyos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawaing ito, masusuri ang pagkakaroon ng katatagan sa pananampalataya batay sa mga sitwasyon. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Worksheet** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

**Panuto:** Basahin ang mga pahayag ng may pag-unawa. Isulat ang iyong naiisip na gagawin kung sakaling maranasan mo ang ganitong uri ng sitwasyon.

Sitwasyon 1:

Mahal na mahal mo ang iyong mga magulang. Isang araw, habang ikaw ay nasa paaralan, nakatanggap ka ng balita na naaksidente sila at nag-aagaw buhay sa ospital. Hindi ka nakalilimot sa Diyos sa araw-araw at nagsisilbi ka sa inyong simbahan. Ngunit pareho silang binawian ng buhay dahil sa aksidente na kanilang sinapit. Sisisihin mo ba ang Diyos sa pangyayaring ito?Ipaliwanag.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Sitwasyon 2:

Isang gabi, habang ikaw ay naglalakad pauwi sa inyong bahay, may nakita kang isang lalaking nakahandusay sa kalsada. Siya ay duguan at halos hindi na humihinga. Paglapit mo sa kaniya ay namukhaan mong siya ang bumugbog sa iyong ama na naging dahilan ng pagka-ospital nito. Ano ang iyong gagawin?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Sitwasyon 3:

Kumatok ang iyong kapitbahay at humihingi sa iyo ng tulong dahil ang kaniyang anak ay may malubhang karamdaman. Noong araw na iyon, sakto lamang ang iyong pera para sa inyong gastusin sa bahay. Ano ang iyong gagawin?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **7** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Sariling Pananampalataya sa Diyos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawaing ito, masusuri ang pagkakaroon ng katatagan sa pananampalataya batay sa mga sitwasyon. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Worksheet** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

Sa pang-araw-araw nating buhay, hindi nawawala ang mga pagsubok na dumarating sa atin.Ang mga pagsubok na ito ang lalong sumusubok sa katatagan ng ating pananampalataya o pananalig sa Diyos. Nawa'y anuman ang hamon o pagsubok sa buhay natin, huwag tayong bibitiw bagkus gawin natin sandata at pananggalang ang pananalig o pananampalataya sa Diyos sa mga paghamon o pagsubok sa buhay.

**Panuto:** Magbigay ng isang karanasan na sinubok o hinamon ang iyong katatagan sa pananampalataya o pananalig sa Diyos.Tukuyin din ang naging kaalaman sa pagkakaroon ng katatagan ng pananampalataya o pananalig sa Diyos.Isulat din kung ano ang payo na maibibigay sa mga taong nakakaranas ng mga pagsubok o hamon sa buhay.

Ang aking karanasan na hinamon ang katatagan ng aking pananampalataya sa Diyos ay ang ___
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

Sa pagkakaroon ko ng katatagan sa pananampalataya sa Diyos, napag-alaman ko na _________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

Ang maipapayo ko sa mga taong nakakaranas ng mga pagsubok o hamon sa buhay ay ________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**PAGTATAYA**

**Panuto:** Piliin ang pinakaangkop na kasagutan batay sa natutunan sa aralin na nagpapakita ng pananampalataya sa Diyos. Titik lamang ng sagot ang isusulat.

1. Alin ang nagpapakita na may pananampalataya sa Diyos.
   A. Nag-ensayo ng sayaw si Menchie para makapasa sa audition na sasalihan niya sa programa sa telebisyon kung kaya't naniniwala siya na tutulungan siya ng Diyos.
   B. Nag-aral nang mabuti si Carlos bilang paghahanda sa nalalapit na board exam kung kaya't umaasa siyang papasa sa tulong at gabay ng Diyos.
   C. Araw-araw na nagtitirik ng kandila si Laura sa simbahan upang tumama siya sa lotto nang sa gayon matupad ang kanyang pangarap na yumaman.
   D. Bago kumain nag- sa sign of the cross si Fatima bilang pasasalamat niya sa pagkain na biyaya na binibigay sa kanya ng Diyos.

2. Namatay ang mga magulang ng iyong kaibigan dahil sa aksidente at naiwan na lang siyang mag-isa. Ano ang maibibigay mong payo para sa kanya?
   A. Sabihin sa kaibigan na ganyan talaga ang buhay.
   B. Sabihin na huwag nang magtiwala sa Diyos dahil sa dagok na dumating sa buhay niya.
   C. Sabihin na manalig at magtiwala sa Diyos dahil may dahilan ang Diyos kung bakit ito ang nangyari.
   D. Sulsulan ang kaibigan na sisihin ang taong naging dahilan ng pagkakaaksidente ng kanyang mga magulang.

3. Ang mga magulang mo ay sabay na nawalan ng trabaho dulot ng pandemic pero hindi sila nawawalan ng pag-asa, ano ang magandang katangian mayroon ang iyong mga magulang?
   A. Pagkakaroon ng tiwala sa kanilang abilidad.
   B. Pagkakaroon ng pag-asa at pagtitiwala sa Diyos
   C. Pagkakaroon ng pag-asa na ang lahat ay lilipas din.
   D. Pagkakaroon ng pag-asa na tutulungan sila ng kanilang kamag-anak.

4. Mahalaga ang pananalig sa Diyos upang makamit natin ang mga mithiin sa buhay. Ano ang ibig sabihin nito?
   A. Maghintay na tugunan ng Diyos ang panalangin.
   B. Dahil sa pray over ng kapitbahay makakamit ang mithiin.
   C. Umasa sa iba kasabay ng panalangin na matupad ang mithiin.
   D. Gawin ang makakaya upang matupad ang mithiin at hwag magsawang manalangin at manalig sa Diyos.

5. Alin sa pahayag ang nagpapakita ng pananalig sa Diyos na may mabuting maidudulot sa atin?
   A. Pagkakaroon ng pag-asa at lakas ng loob.
   B. Pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay.
   C. Pagkakaroon ng takot at alinlangan na hindi makakamit ang mithiin sa buhay.
   D. Pagkakaroon ng tiwala na malalagpasan ang lahat ng pagsubok na dumadating sa buhay.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

6. Maganda ang buhay mo kung hindi kinuha ng Diyos ang iyong mga magulang. Ano ang dapat mong gawin?
    A. Aasa sa mga kamag-anak na kukupkop.
    B. Magrerebelde at sasama sa mga barkada
    C. Sisihin ang Diyos dahil sa sinapit sa buhay
    D. Magsusumikap na makapagtapos ng pag-aaral at mananalangin sa Diyos na gabayan.

7. Nasunog ang bahay ninyo sabay na nawalan ng trabaho ang tatay mo.Ano ang dapat na maging reaksyon mo?
    A. “Diyos ko, bakit nangyari sa amin ito?Ano ba ang kasalan namin?”
    B. “Lord, Kayo na po ang bahala sa amin”
    C. “Lord, bakit Ninyo kami pinabayaan?”
    D. “Totoo ba na may Diyos?”

8. Nilalayuan ka ng mga kaklase at mga kaibigan mo dahil nalaman nila na nakulong ang tatay mo at ang nanay mo ay nahuli na nagnakaw sa grocery.Ano ang gagawin mo?
    A. Titigil sa pag-aaral at magkukulong sa loob ng bahay.
    B. Sisihin ang mga magulang sa nangyayari sa iyo..
    C. Tatanggapin na lang ang sasabihin nila dahil ito naman ang totoo.
    D. Magpapakatatag sa maririnig sa ibang tao at mananalangin sa Diyos na bigyan ka ng tibay ng loob.

9. Mahal na mahal ng ate mo ang boyfriend nito na malapit na sana silang ikasal subalit iniwan lamang siya nito at nagpakasal sa iba. Nalaman ng ate mo na siya ay nagdadalang-tao. Ano ang maaari mong ipayo sa iyong ate?
    A. Sasabihin sa kanya na maghanap ng ibang sasalo sa anak nito.
    B. Sasabihin sa kanya na ang tanga niya at bakit siya nagpabuntis
    C. Sasabihin sa kanya na tatagan niya ang kanyang kalooban at manalangin para sa kanyang pinagbubuntis.
    D. Sasabihin sa kanya na nandito ka lang at handang dumamay sa kanya.

10. Bumagsak ka sa pagsusulit dahil sa pag-aalaga sa ama mo na may sakit. Nagtatrabaho ang iyong ina upang matustusan ang inyong pangangailangan magkakapatid na nakababata sa iyo. Ano ang magiging reaksyon mo?
    A. Gagawa ng paraan upang makapag-aral nang mabuti at hihingi ng gabay sa Diyos upang makabawi sa binagsak na exam.
    B. Sasabihin sa ina na maghanap ng mag-aalaga sa iyong ama habang ikaw ay nag-aaral.
    C. Ipapaliwanag sa guro ang dahilan ng kung bakit bumagsak sa pagsusulit.
    D. Sisihin ang ina dahil pinaaalagaan sa iyo ang amang may sakit.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph